# Gabay sa Pagbawas ng Pang-isahang-Gamit at Takeaway na mga Gamit

## Gabay sa mga alternatibong produkto para sa mga negosyo sa serbisyo ng pagkain sa Toronto

Ang Lungsod ng Toronto ay nananatiling nakatuon sa pagtulong sa mga residente at mga negosyo na bawasan ang pagsasayang at mga basura mula sa paggamit na pang-isahang gamit at takeaway na mga bagay. Sinusuportahan ng pagbabawas ng pang-isahang-gamit at takeaway na mga bagay ang Pangmatagalagang Estratehiya ng Pamamahala ng Basura [Long Term Waste Management Strategy] ng Lungsod at mga hangad na layunin ng sero na basura sa hinaharap at sirkular na ekonomiya.

Ang Estratehiya sa Pagbawas ng mga Bagay na Pang-isahang Gamit at Takeaway ng Lungsod ay nagta-target na bawasan ang mga pang-isahang gamit na aksesoryang mga bagay na gawa sa lahat ng mga uri ng mga materyales, hindi lamang mga plastik. Ang mga pang-isahang gamit at takeaway na bagay ay nangangailangan ng mahalagangmga mapagkukunan at enerhiya upang makagawa, mangolekta at magtapon. Ang mga bagay na ito ay madalas na napupunta sa landfill o bilang mga basura, na maaaring magdulot ng mga panganib sa kapaligiran at mga hayop.

Nais naming pasalamatan ang mga residente at mga negosyo ng Toronto para sa kanilang katugunan at suporta para sa pagbabawas ng basura na narinig sa panahon ng mga pampublikong konsultasyon ng Lungsod sa mga pang-isahang gamit at takeaway noong 2018, 2019 at 2022, gayundin sa kanilang mga pagsusumikap sa pagbabawas ng basura hanggang sa kasalukuyan at sumusulong. Sama-sama, maaari nating iwasan ang mas maraming basura sa landfill at makinabang sa kapaligiran.






# PINAKAMAHUSAY

## MGA TASA
Mga Malamig na Inumin | Mga Mainit na Inumin

### Magagamit Muli

- Tanggapin ang mga magagamit muling mga baso mula sa mga mamimili
- Magbigay ng magagamit muling mga baso para sa dine-in na serbisyo
- Pumili ng matibay na magagamit muling mga baso na nakakatagal sa paulit-ulit na paglilinis ayon sa mga pamantayan ng Pampublikong Kalusugan ng Toronto
- Isaalang-alang ang isang programang pagbabalik ng deposito o pagbabahagi ng baso
- Pumili ng matibay na magagamit muling mga baso na maaaring iresiklo sa katapusan ng buhay



## MGA LALAGYAN
Mainit at/o Basang Inihandang Pagkain | Tuyong Inihandang Pagkain

### Magagamit Muli



- Tanggapin ang mga magagamit muling mga lalagyan mula sa mga mamimili
- Magbigay ng magagamit muling mga kagamitan para sa dine-in na serbisyo
- Isaalang-alang ang pagiging miyembro sa isang programa ng pagbabahagi ng lalagyan o pag-aalok ng iyong sariling tatak na magagamit muling mga lalagyan para sa pagbebenta
- Pumili ng matibay na magagamit muling mga lalagyan na nakakatagal sa paulit-ulit na paglilinis ayon sa mga pamantayan ng Pampublikong Kalusugan ng Toronto
- Pumili ng matibay na magagamit muling mga lalagyan na maaaring iresiklo sa katapusan ng buhay

## MGA AKSESORYANG BAGAY
Mga kubyertos | Iba pa

### Magagamit Muli

- Ipamahagi lamang kapag hiniling
- Magbigay ng mga kagamitang magagamit muli, kabilang ang mga chopstick, para sa dine-in na serbisyo
- Ihain ang mga pampalasa tulad ng ketchup at mustasa sa magagamit muling mga tasa o mga lalagyan



# MABUTI

## MGA TASA

### Mababawi

- Pumili ng mga baso na gawa sa iisang plastik gaya ng High-Density Polyethylene (HDPE), Polyethylene terephthalate (PET) at Polypropylene (PP) o hibla ng papel na materyal, hindi nakalinya o pinagpatong ngsa iba pang mga materyales
- Pumili ng mga mairesiklong mga plastik na pantakip
- Pumili ng mga manggas ng tasa na gawa sa mairesiklo na papel
- Makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng serbisyo sa pangongolekta ng basura upang matiyak na ang anumang mga alternatibo ay tinatanggap nila sa kanilang pag-resiklo o mga organiko na programa



## MGA LALAGYAN

### Mababawi

- Pumili ng mga aluminyo na lalagyan at mga mairesiklong pantakip
- Pumili ng mga produktong gawa mula sa iisang plastik gaya ng High-Density Polyethylene (HDPE), Polyethylene terephthalate (PET) at Polypropylene (PP) o hibla ng papel na materyal, hindi nakalinya o nakapatong ng iba pang mga materyales
- Makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng serbisyo sa pangongolekta ng basura upang matiyak na ang anumang mga alternatibo ay tinatanggap nila sa kanilang pag-resiklo o mga organiko na programa



## MGA AKSESORYANG BAGAY

### Mababawi

- Ipamahagi lamang kapag hiniling
- Gumamit ng mga papel na pangsipsip na hindi nilagyan ng ibang mga materyales tulad ng plastik
- Makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng serbisyo sa pangongolekta ng basura upang matiyak na ang anumang mga alternatibo ay tinatanggap nila sa kanilang pag-resiklo o mga organiko na programa



# IWASAN

## MGA TASA

### Mga materyales na may problema

- Iwasan ang mga tasa at mga takip na may tatak na compostable o biodegradable
- Iwasan ang itim na plastik at mga styrofoam na tasa at mga pantakip






## MGA LALAGYAN

### Mga materyales na may problema

- Iwasan ang mga lalagyan at takip na may tatak na compostable o biodegradable
- Iwasan ang styrofoam at itim na plastik na lalagyan



## MGA AKSESORYANG BAGAY

### Mga materyales na may problema

- Iwasan ang mga pang-isahang gamit na plastik na kagamitan (anumang kulay)
- Iwasan ang mga kagamitan na may tatak na compostable o biodegradable
- Iwasan ang mga naka-impake na pang-isahang gamit na mga kagamitan na kasama ng iba pang mga bagay gaya ng mga serbiliyeta



Ipinakilala ng Pederal na mga Regulasyon sa Pagbabawal ng Plastik na Isahang Paggamit [Federal Single-Use Plastic Prohibition Regulations] ang mga paghihigpit sa

- mga checkout bag, kubyertos, foodservice ware, mga stir stick at pansipsip simula Disyembre 20, 2022
- mga ring carrier simula Hunyo 20, 2023
- mga nababalukot na pangsipsip na nakabalot sa mga lalagyan ng inumin simula Hunyo 20, 2024

# Mga Mabilis na Katotohanan

- **Ang mga produktong magagamit muli ay ang pinakamababang opsyon sa basura.**
- **Ang mga produktong papel na pinahiran ng plastik o wax ay hindi maaaring i-compost sa programa ng organiko ng Green Bin ng Lungsod o iresiklo sa programa ng panresiklo ng Blue Bin ng Lungsod. Ang mga produktong ito ay dapat na itapon sa basura maliban kung ipinapayo ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa pangongolekta ng basura.**
- **Karamihan sa mga produktong hibla ng papel ay katugma sa programa ng organiko ng Green Bin ng Lungsod kung narumihan sa nalalabi sa pagkain o inumin.**
- **Ang mga bagay na nabubulok at biodegradable na plastik, tulad ng mga tasa, mga lalagyan at mga kagamitan, ay hindi tinatanggap sa programa ng organiko ng Green Bin ng Lungsod o programa ng pag-resiklo ng Blue Bin. Ang mga produktong ito ay dapat na itapon sa basura maliban kung ipinapayo ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa pangongolekta ng basura.**

# Mga mapagkukunan

Maaaring tingnan ng mga kustomer ng Lungsod ng Toronto ang Waste Wizard sa toronto.ca/wastewizard o sa pamamagitan ng TOwaste app upang malaman kung ang mga alternatibong produkto ay tinatanggap sa mga programa ng pagreresiklo ng Blue Bin at programa ng mga organiko ng Green Bin ng Lungsod.

Matuto nang higit pa tungkol sa kung bakit hindi tinatanggap ang mga produktong compostable at biodegradable sa mga programa ng organiko at pagreresiklo ng Lungsod sa toronto.ca/single-use.

Para sa higit pang impormasyon at mga mapagkukunan ng programang ReduceWasteTO Pagbabawas ng pang-isahang-Gamit, bisitahin ang toronto.ca/reducingsingleuseprogram.

Para sa higit pang impormasyon sa Pederal na Regulasyon sa Pagbabawal ng Pang-isahang Gamit na Plastik [Single-Use Plastic Prohibition Regulations], kabilang ang mga gabay na dokumento at pilyego ng katotohanan, bisitahin ang https://www.canada.ca/en/environment-climate-change/services/managing-reducing-waste/reduce-plastic-waste/single-use-plastic-overview.html.

**Pagtatatuwa** Ang gabay na ito ay hindi nilayon na magbigay ng impormasyon tungkol sa mga kasanayan sa kaligtasan ng pagkain o magbigay ng legal na payo sa mga naaangkop na batas at mga kinakailangan sa kaligtasan ng pagkain. Ang lahat ng lugar na gumagawa, nagpoproseso, naghahanda, nag-iimbak, humahawak, nagpapakita, namamahagi, nagdadala, nagbebenta o nag-aalok para sa pagbebenta ng pagkain ay dapat sumunod sa Regulasyon sa mga Lugar ng Pagkain ng Ontario [Ontario Food Premises Regulation] (O.Reg 493/17) sa ilalim ng Batas ng Proteksyon at Promosyon ng Kalusugan [Health Protection and Promotion Act].